HALAW SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG CARDONA, RIZAL, NA GINANAP NUONG IKA-14 NG PEBRERO 2005 SA IKATLONG PALAPAG NG PAMAHALAANG BAYAN.

NAGSIDALO:

KGG. RAUL C. HIMBING	-	Konsehal/Nanunuparang Tagapangulo
KGG. VIRGILIO A. RIVERA	-	Konsehal
KGG. OPHER F. STA. MARIA	-	Konsehal
KGG. FELIX A. ARRIOLA	-	Konsehal
KGG. ARMANDO V. FRANCISCO	-	Konsehal
KGG. GARRY R. SALAMAT	-	Konsehal
KGG. RUBEN P. OCAMPO	-	Konsehal
KGG. CRISPO F. JULIAN	-	Konsehal
KGG. EDGARDO P. GONDRANEOS	-	Ex-Officio (ABC Pangulo)
KGG. JESUS R. FRANCISCO, JR.	-	Ex-Officio (PPSK Pangulo)

HINDI DUMALO:

KGG. MA FE SJ. PASTORAL. M.D.	-	Pang. Punong Bayan

****

ORDINANSA BLG. 05-15

ORDINANSA NA NAGTATAKDA NG ALITUNTUNIN
PARA SA MGA MAGBABAKAL-BOTE SA NASASAKUPAN BAYAN
NG CARDONA AT PAGPAPATAW NG PARUSA

May-akda: Kgg. Armando V. Francisco

PINAGPASIYAHAN, gaya ng naritong pagpapasiya, ng Sangguniang Bayan ng Cardona, Rizal, ang mga sumusunod:

PANGKAT 1. Layunin

1. Upang mapanatili ang katahimikan at kaayusan sa nasasakupan ng Bayan ng Cardona.
2. Upang mapangalagaan ang seguridad ng mga mamamayan at mga ari-arian, pribado man o publiko sa nasasakupan ng Bayan ng Cardona.

PANGKAT 2. Kahulugan ng mga termino; Kaugnay sa ordinansang ito ang mga naritong mga salita o termino ay magtataglay ng mga sumusunod na kahulugan:

1. MAGBABAKAL-BOTE – mga gumagalang mga tao na may kariton, trike o sako na nangunguha o namimili ng mga bakal, bote, plastic at iba.

2. ARI-ARIAN - pag-aari tulad ng mga kasangkapan, istruktura at bagay na yari sa bakal o may sangkap na bakal.

PANGKAT 3. Pagbabawal: Mahigpit na ipinagbabawal ang paggala ng mga magbabakal-bote sa nasasakupan ng Bayan ng Cardona mula sa ika-6:00 ng gabi hanggang ika-6:00 ng umaga.

Pangkat 4. Alituntunin: Ang mga magbabakal-bote o nagbabalak na magbakal-bote ay kailangang kumuha o magkaroon ng mga sumusunod:

1. Barangay Clearance.
2. Mayor's Permit

PANGKAT 5. Multa o Pina: Ang hindi pagtupad sa mga probisyon ng ordinansang ito ay papatawan ng mga sumusunod na pina o multa.

Ang sinumang lumabag sa kautusang ito ay papatawan ng parusa alinsunod sa itinatadhana ng kautusang ito.

1. Unang Paglabag - P 50.00 multa
2. Ikalawang Paglabag - 100.00 multa
3. Ikatlong Paglabag - 200.00 multa o pagkansela ng permit o pareho depende sa discretion ng korte

PANGKAT 6. Pagkansela sa naunang kautusan - Ang lahat ng naunang direktiba o regulasyon na salungat sa mga probisyon ng ordinansang ito ay pinawawalang-bisa.

PINAGTIBAY ngayong ika-14 ng Pebrero 2005.

AKING PINATUTUNAYANG TAMA AT WASTO ANG KAPASIYAHANG ITO.

IMELDA S. RAMOS
SB Kalihim

PINATUTUNAYAN:

RAUL C. HIMBING
Konsehal/Nanuparang Tagapangulo

PINAGTITIBAY:

GIL SJ. SAN JUAN
Punong Bayan